タガログ語版／Tagalog Edition

**Gifu Prefecture Public Relations**

# Balita mula sa Prepektura ng Gifu

●Populasyon sa Prepektura
**1,989,445** (nabawasan ng 781)

※Setyembre 1, 2019 hanggang sa kasalukuyan.
※Ang ( ) ay inihambing sa nakaraang buwan.

**Facebook「清流の国ぎふ」**
Kasalukuyang makikita sa Minamo Dayori!!

岐阜県 ミナモだより hanapin

Prefectural Government Public Relations TV Program
「Gifu Prefecture Government Hotline」- Televise
(Palabas) Huwebes 18:53 ~ 18:57
(Replay) Martes 21:54 ~ 21:58

Ang「Balita mula sa Prepektura ng Gifu」ay pinapalabas din sa *Gifu Chan* (Channel 8) !

Pindutin ang **"d" button** para makuha ang lokal na impormasyon!



## Highlights para sa Disyembre 2019

### Pagbabawas ng Basurang Plastik

Isa sa nagiging dahilan ng polusyon sa dagat ang mga basurang plastik na umaagos sa mga ilog ng prepektura.

Humigit-kumulang sa 70% ng basurang naaanod sa dalampasigan (beach) ay plastik, at halos kalahati nito ay binubuo ng disposable plastic galing sa lalagyan ng mga pagkain at inumin. Upang mabawasan ang plastic na basura, nagpo-promote ang prepektura na mabawasan ang paggamit ng plastik.



Basurang plastik na nakakalat sa dalampasigan

### CHECK!

### Nangangalap ng mga negosyong tutulong sa pagbawas ng paggamit sa plastik

Tulad ng mga restoran at *konbini* sa prepektura na nagsusumikap mabawasan ang mga disposable plastic na ginagamit, nangangalap kami ng mga establisimiyento ng negosyo na gumagawa ng mga lalagyan, atbp. na makabubuti sa kapaligiran. Mangyaring tingnan ang mga rehistradong tindahan at tanggapan sa opisyal na website ng prepektura.




Registered Store sticker

◆ **Mga kondisyon ng aplikasyon**

・Paggamit ng mga lalagyan na maaaring gamitin ng paulit-ulit

・Pag-aalok ng sariling lalagyan

・Itigil ang pag-gamit na mga one-use plastik

・Gumamit ng mga lalagyan na makabubuti sa kapaligiran na gawa sa bioplastic

・Paggawa ng mga lalagyan ng paninda upang mapalitan ang paggamit ng produktong plastik

◆**Paraan ng Aplikasyon:** Koreo, FAX o E-mail

◆**Para sa Aplikasyon at Katanungan:** Prefectural Waste Management and Policy Division

☎058-272-8214 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

◆**Hanaping Salita:** 岐阜　ぎふプラごみ削減

# Kahon ng Impormasyon

Paliwanag ng Icon

### "Gifu Eating Campaign"

Pinatupad ang campaing upang mabawasan ang mga tinatapon na tirang pagkain. Sa mga salu-salo tulad ng Year-end o New Year party, sanayin ang "30-10 movement". Sa movement na ito, hinihimok ang lahat na manatili sa kinauupuan 30 minutos pagkatapos mag "toast" at 10 minutos bago matapos ang salu-salo upang kumain.

◆**Para sa mga Katanungan:** Prefectural Waste Management and Policy Division
☎058-272-8214 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

◆**Hanaping Salita:** ぎふ食べきり運動

### 2020 Edition ng "Gifu Schedule Notebook", On Sale!

Mabibili na ang mga schedule notebook sa mga bookstore ng prepektura at iba pang lugar. Gawa ito sa Mino Japanese paper na may limitadong orihinal na mga pabalat. Meron itong "Data Book" kung saan nakaprint ang mga kapaki-pakinabang na impormasyon sa buhay. Inaanyayahan ang lahat na tangkilikin at bilhin ang mga ito.

◆**Orihinal na Cover:** Civil War/ Warlords model, *Sora Haku* model, FC Gifu Soccer model
◆**Panahon:** hanggang kalagitnaan ng Enero
◆**Halaga:** ¥750/ schedule notebook (kasama ang tax)
◆**Para sa Katanungan:** Taiyosha Co., Ltd. ☎ 058-324-2111 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)
◆**Hanaping Salita:** 岐阜県民手帳

### Pagalis o Paggupit ng mga Puno o Sanga ng Puno na Sagabal sa Daan

Pinapaki-usapan ang mga maylupa na asikasuhin ang mga puno na naka usli sa pampublikong daan. Nakaka-sagabal sa mga naglalakad at kotse ang mga ito. Ang masama dito, ang maylupa ay maaaring managot sa aksidenteng sanhi ng mga naka-usling sangga ng puno.

◆**Para sa mga Katanungan:** bawat Civil Engineering Office Facility Management Section, o Prefectural Road Maintenance Division ☎ 058-272-8572 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

### Maagang mag-palit ng "Winter Tires"

Kapag nag-snow at nag-feeze ang ibabaw ng kalsada, maaaring madulas (slip) ang kotse. Palitan ng maaga ang mga gulong (ng winter tires) upang maiwasan ang mga aksidente sa trapiko sa taglamig. Ang pagmamaneho sa snow o frozen na kalsada gamit ang normal na gulong ay isang paglabag sa Road Traffic Law.

◆**Para sa mga Katanungan:** Prefectural Police Traffic Planning Division
☎ 058-271-2424 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)
◆**Para sa mga Katanungan:** Prefectural Road Maintenance Division
☎ 058-272-8535 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

### Bumili ng Year End Jumbo Lottery (Takarakuji) sa loob ng Prepektura!

Humigit-kumulang 40% ng nabebentang loterya sa loob ng prepektura ay nagiging kita ng Gifu. Ginagamit ito sa pagtaguyod ng munisipalidad, aksyon para sa tumatandang populasyon at bumababang birthrate ng lipunan, atbp. Kung kaya't para sa mga bibili, mangyaring tangkilikin at bumili sa mga tindahan sa loob ng Gifu

◆**Panahon ng pagbebenta ng Loterya:** Nobyembre 20 (Miyerkoles) ~ Disyembre 21 (Sabado)
◆**Para sa mga Katanungan:** Gifu Finance Division
☎ 058-272-1130 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

### General Entrance Examination:
### Entrance Examination para sa Gifu Agricultural College

◆**Petsa:** Enero 17, 2020 (Biyernes)
◆**Lugar:** Gifu Agricultural College (Kani-shi)
◆**Application Form:** ipinamamahagi sa Gifu Agricultural College *maaaring humingi sa pamamagitan ng koreo
◆**Petsa ng Aplikasyon:** Disyembre 16 (Lunes) ~ Enero 6, 2020 (Lunes)
◆**Para sa mga Katanungan:** Gifu Agricultural College
☎ 0574-62-1226 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)
◆**Hanaping Salita:** 岐阜県農業大学校

Ito ang kasalukuyang impormasyon mula Oktubre 29, 2019.

Para sa mga katanungan ukol sa pahinang ito, makipag-ugnayan sa Gifu Ken Public Relations Division
☎058-272-1111 (Dir. Lin.) (tumutugon sa wikang Hapon lamang) FAX 058-278-2506
Sa pakikipagtulungan ng Gifu International Center http://www.gic.or.jp